

# Jawwang

KABABAIHANG  
TAGAPAGTANGGOL  
NG KORDILYERA

SULAT NG GANTALA PRESS  
GUHIT NI NINA MARTINEZ



Karapatang-ari © nina Gantala Press at Nina Martinez. Reserbado ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng komiks na ito ang maaaring gamitin sa anumang paraan nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Gantala Press, kay Nina Martinez, at sa Goethe Institut-Indonesien.

Ang *Dawwang: Kababaihang Tagapagtanggol ng Kordilyera* nina Gantala Press at Nina Martinez ay linikha bilang bahagi ng *Movements and Moments - Feminist Generations*, isang inisyatiba ng Goethe Institut. Layunin ng proyekto na palitawin ang katutubong feministang aktibismo at mga lider mula sa Pandaigdigang Timog (Global South) sa pamamagitan ng paglalahad ng kanilang mga buhay sa popular na anyo ng komiks.

# *Jawwang*

KABABAIHANG  
TAGAPAGTANGGOL  
NG KORDILYERA

SULAT NG GANTALA PRESS  
GUHIT NI NINA MARTINEZ



# Glosari

**Ama Macli-ing** — Macli-ing Dulag, pangat ng tribong Butbut at lider ng mga Kalinga sa pakikibaka sa Chico Dam

**Apo Kabunyan** — Bathala o Diyos sa maraming bahagi ng rehiyong Kordilyera  
**bodong** — kasunduang pangkapayapaan

**Bontoc** — bayan at kabisera ng Mountain Province, Kordilyera

**Cordillera Heroes' Memorial** — bantayog sa Tinglayan, Kalinga na itinayo bilang pagkilala kina Macli-ing Dulag, Pedro Dungoc Sr., at Ama Lumbaya Gayudan, mga bayani ng pakikibaka laban sa Chico Dam

**dawwang** — salita ng mga Naneng para sa “ilog”

**Kalinga** — isa sa mga probinsya sa Kordilyera na ang pangalan ay nagmula sa salitang Ibanag at Gaddang na tumutukoy sa “mandirigma” (headhunter)

**ili** — baryo

**Innabuyog-GABRIELA** — alyansa ng mga organisasyon ng kababaihan sa Kordilyera

**kayaw** — salitang Kordilyera na nangangahulugang “lumaban” o “makibaka”; tumutukoy din sa paglalakbay upang makidigma (headhunting expedition)

**lusay** — paghuhubad ng damit/saplot ng nakatatandang kababaihan para ilantad ang kanilang katawan; pinaniniwalaang nagdadala ng kamalasan

**PANAMIN** — Presidential Assistant on National Minorities, pinamumunuan ni Manuel Elizalde

**pangat** — pinuno, matatandang namumuno sa ili (village elders)

**NPC** — National Power Corporation

**NPA** — Bagong Hukbong Bayan, armadong yunit ng Partido Komunista ng Pilipinas (CPP)

**“Bagong presidente” (p. 36)** — tumutukoy kay Corazon Aquino, pangulo ng Pilipinas (1986-1992)

**“Presidente” (p. 11)** — tumutukoy kay Ferdinand Marcos, pangulo ng Pilipinas (1965-1986)


**surchachu** — sundalo ng gobyerno/militar



# Hilagang Pilipinas

## REHIYON NG KORDILYERA

- ① Bontoc
- ② Tinglayan
- ③ Tabuk
- ④ Bulanao
- ⑤ Metro Manila



TABUK, KALINGA  
25 OKTUBRE 2020








f — □X

**Innabuyog**  
ngayong alas-8 ng gabi

INNABUYOG, nananawagan para sa agarang pagpapalaya ng katutubong aktibistang si Beatrice Belen ng Lubuagan, Kalinga na inaresto kanina ng pinagsamang puwersa ng pulis at militar.

Karapatan naming ipagtanggol ang ili. Hindi namin kailangan ang mga sundalo, 'yang malalaki at mapanirang proyekto!



"Just in: The Philippine gov't now allows 100% foreign ownership in energy projects..."

Terorista ang mga aktibista!"

Mabuti nga sa kanya, komunista kasi siya!







Kumusta, Sierra?  
Halika't magkape.

Kumusta si Betty?



Mabuti naman siya, 'Nay.  
Inilipat na siya ng selda.  
Makikita mo mamaya  
pagbisita natin.



'Nay Tining...  
nabalitaan niyo ba ang  
tungkol sa memorial?

Hindi pa,  
ano'ng balita?



Pinatatanggal  
po ng gobyerno.






Hinaharangan daw  
nito ang highway.

Puwede ba!  
Gusto lang nila  
tayong patahimikin.

Kailangan nating  
maglabas ng pahayag  
tungkol dito.



Mga duwag!  
Mga walang-galang.

Akala ba nila,  
hindi nakikita ni  
Apo Kabunyan ang  
kalokohan nila?



Bakit papatayin  
ulit ang yumao na?



Mahirap bang intindihin  
kung paano natin  
nakikita ang mundo?

Ang ilog ay buhay,  
gaya ng lupang tinubuan.







Ginagawa itong  
sagrado ng dugo't  
pawis ng mga ninuno...

Tining!



...at binabantayan ng  
kanilang mga espiritu.



Alam mo  
naman na ang  
ating kuwento.



'Nay Tining,  
ikuwento mo  
ulit sa akin.





KALINGA,  
DEKADA '70

Sagrado ang ating lupain.  
At dapat pakamahalín.

Sabi ko sa'yo,  
tumpak na lokasyon  
ito para sa dam.

Doon namin nabatid  
ang pinaplano  
ng gobyerno.

Babahain ng dam na  
'yan ang mga palayan!

Lulunurin n'on  
ang ating ili!

Nang humarap ang ating mga pangat,  
ito lang ang nasabi ng presidente:


May krisis tayo  
sa langis!

Magsakripisyo na lang  
kayo para sa bansa!






Akala nila ay malilinlang kami  
ng pananalita ng mga mestizo...



Sagot ko na kayo  
sa presidente!

...o makukuha ang suporta namin kapalit  
ang mga walang-kuwentang bagay.



Desperado ang mestizong 'yun.  
Sinubukan niyang suhulan si Ama  
Macli-ling ng trabaho at babae.

Isa sa dalawa lang  
ang maaaring  
laman ng sobre:  
sulat o pera.

Dahil hindi ako marunong  
magbasa at magsulat,  
tiyak kong hindi ito sulat.  
Kung pera ang laman  
nito, para lang ito sa  
taong may ipinagbibili.

Wala akong  
ipinagbibili.





Sa unang pagkakataon, isinantabi ng mga tribo sa Kordilyera ang kanilang mga hidwaan at nagkaisang harapin ang kaaway.

Kung hindi tayo lalaban at matutuloy ang dam, mamamatay pa rin tayo.

ISA SA MGA  
BODONG NOONG  
DEKADA '70

Kung lalaban tayo, mamamatay tayo nang may dangal. Kaya hinihimok ko kayo, Kayaw!

Sinumang makikipagtulungan sa NPC ay traydor at dapat parusahan.

Alam mo, kahit ang langgam...

...lumalaban kapag sinira ang kanilang bahay.

Tinawag lamang ang mga taga-Kordilyera na depensahan ang kanilang lupa.



Binoykot namin ang mga pulong ng gobyerno at nagplano ng mga kilos-protesta.



Kahit mag-isa akong dumadalo sa mga pulong, hindi ko naramdamang nag-iisa ako.



28 anyos pa lamang ako no'n.

Maaga akong nabalo nang mamatay ang mister ko sa kolera.




Jerry, bantayan mo ang kapatid mo!

Naitaguyod ko ang aking mga anak sa tulong ng aking mga magulang.



Tunay ngang inihanda kami ng mga pulong-bayan sa mga susunod na pangyayari.





Naaalala mo ba  
ang mga kanta tungkol  
sa panahong 'yun?

Saan 'tay a malipatan  
Panawen ti Chico Dam  
Umili nagkaykaysa  
Plano ket sinupyat da, ay-ay

KALINGA, 1977



Oy!  
Lumayas  
kayo!







Ay-ay,  
salidum-salidummay



Soldado indeploy da  
Nagserbi a kas gwardya



Tapno ipatungpal da




Dam ditoy  
Kalinga, ay-ay



Parang mga magnanakaw na ipinuslit ng mga surechachu ang kanilang kampo.

Na para bang hindi sila nakikita ni Apo Kabunyan.

Kinaumagahan, sinalubong sila ng barikada ng kababaihan.



Mga hangal!

Kakailian!  
Nandito ang mga surechachu!  
Kayaw!







Galit na galit na  
hinarap ng mga babae  
ang mga sundalo.

Wala sa plano na gagawin ng  
mga babae ang mga ito.

Tanging ang pagharap lang  
nila ang napagkaisahan.



Napakabilis ng  
mga pangyayari.





Diyos ko!

Kami ang mga ina at nakakatanda ninyo!

Paano niyo naaatim na ipahamak kami?

Bakit niyo ito ginagawa?





Huwag kang titingin!

Malas 'yan!

Hindi kami natatakot sa inyo!

Kayaw!





Huwag na huwag niyong itatayo ang mga kampo niyo rito! Ayaw namin ng dam!

Hindi po ba't naghubad din ang mga babae sa Bontoc laban sa mga minahan?


Biglaan din 'yun. Hindi nila plinano.

Tingnan mo ako at nang makita mo kung saan ka nanggaling!

MAINIT, BONTOC  
1975



Kung mag-lusay ang mga babae ngayon, uobra kaya?



Siguradong hindi. Hindi ito maiintindihan ng mga lalaki.





Tinuloy namin ang pagbabarikada.  
Nagrelyebo ang umili sa pagbabantay sa kampo.






Halos isang buwan kami ro'n.  
Nakaantabay din ang mga  
lalaki at kabataan.



Kahit mapanganib, itinuloy namin  
ang plano. May tungkulin ang  
bawat isa.




Malinaw pa ito sa aking  
alaala: iitsa ko dapat  
ang troso sa ilog.



Hindi ako bumitiw!  
Hindi ko 'yun  
malilimutan.





A group of children are walking along a dirt path that runs parallel to a large, flowing river. They are carrying bundles of sticks or logs on their backs and heads. The scene is set in a lush, green environment with trees and a bird flying in the sky. The children are dressed in simple, traditional clothing.

Sa pangatlong  
engkuwentro, naging  
mas mapangahas kami.

Dala ang lahat ng kinalas  
namin, magdamag kaming  
naglakad papuntang  
Camp Duyan sa Bulanao.

Gusto sana naming  
makipag-usap sa mga  
awtoridad pero walang  
nangyari.







Magpatawag tayo  
ng "miting" sa mga baryo.




Nang tumigil ang trak,  
sinabi ko sa mga sundalo  
na naihi ako.



Pero tumakbo ako.



Nalaman ko kinabukasan na  
walang nangyaring pulong.  
Bagkus, ikinulong nila ang  
mga umili sa Camp Duyan.





Lumaban kami.  
Nagkagutom-gutom.  
Nagkapuyat-puyat.



Gusto mong palayain  
namin ang asawa mo?  
Kantahan mo  
muna kami!



Asawa mo ba  
talaga siya?  
Kiss mo nga! Kiss!

Parang hindi malubag na  
mga espiritu ang mga  
surchachu.



Wala lang sa kanila  
ang pumatay.



Binaril nila 'yung matandang babae sa Tomiangan  
at tinarakan ng dayami ang kanyang aril!



MARSO 1978

May mga pangyayaring  
mahirap malimutan.




Lumihis kami ng daan pero  
nahuli pa rin nila kami.





Nandoon si Jerry.

TNK



Nagsisisigaw ang mga babae. Saka lang natauhan 'yung sundalo.

Hindi ko malilimutan ang araw na 'yun.



Hindi rin malilimutan ng aking anak.





Nakikita ko na kung saan nanggagaling ang paninindigan ni Manong Jerry.

MANILA,  
2017

Ikaw na, Sierra. Ako na muna ang hahawak ng banner.

Salamat, Manong Jerry.

Kami ang katutubo ng Kordilyera. Wala kaming ginagawang mali para kami ay ikulong at ituring na kriminal.



Kasalanan bang ipaglaban ang aming lupang ninuno?  
Kasalanan bang ipagtanggol ang aming kabuhayan?



1979

Hindi naglaon,  
dumating ang hukbong bayan.



Tutulong  
kami.

Napagtanto naming sa  
armadong pakikibaka  
lamang mapapatigil  
ang dam.



Natuto kaming gumamit  
ng armas dahil ito rin ang  
ginagamit laban sa amin.



Tayo ay anak ng  
mga mandirigma.

Ang panawagang  
mag-arms ay walang iba  
kundi panawagan sa  
Kayaw.



Sa pagtatapos ng 1979,  
nagtipon ang umili sa  
isa sa pinakamalalaking  
bodong sa kasaysayan.

Napiling tagapagsalita si  
Ama Macli-ing.

Nakaugat tayo sa lupaing ito.  
Ito ay sagrado.


Ang Kalinga  
ay hindi ipinagbibili!  
Hinding-hindi  
tayo mabibili.  
Hindi tayo  
aalís dito!

Kayaw!


BUGNAY, TINGLAYAN,  
KALINGA  
24 ABRIL 1980

Akala ng gobyerno ay  
panghihinaan kami ng loob sa  
pagpaslang nila kay Ama.






Natatandaan mo ba ang  
sinabi ng mga pangat?




"Nagluksa ang bayan,  
ngunit hindi ito tumangis."




Uray anya ti ikastam  
Uray man no lapeddam  
Mabirukan na latta  
Dalan ti wayaway



**Uwuuuway!**



Mas masidhi ang aming poot  
kaysa sa aming pighati.




Ti kaiyarigan na  
Ti danum a napigsa  
Dangadang ti umili  
Sigurado agbal-ligi




**Uwuuuway!**






Tumila na'ng ulan.

Tayo na po. Naghihintay na si 'Nang Betty.




'Nay Tining, paano kayo naging kagawad?



Ginigipit na noon ang mga lalaki dahil sa mga engkuwentro ng militar at NPA.

Kaya napagpasyahan na mga babae ang maging opisyal ng barangay.



Ibenta niyo na kasi ang lupa niyo, Tining. Sisiguraduhin naming maililipat kayo sa magandang lugar.





Walang magbebenta ng lupa nila.  
Walang magsisilbi sa NPC.  
Nagpasya na ang umili.



Hindi sila  
sumusuko.



Ano'ng ikinamatay  
ng asawa mo?

Bakit hindi ka  
mag-asawang muli?



Sino'ng  
nagbubungkal  
kung nasa  
barikada ka?




Paano mo  
pinakakain ang  
mga anak mo?


Walang-tigil nila akong nililigalig,  
katulad ng ginagawa nila  
ngayon kina Betty.









Pagkatapos ng matagal  
na pakikibaka sa dilim,  
sumilip din ang pag-asa.




Hindi ka pa ipinanganak  
nang mapatalsik si Marcos  
noong 1986.



Pero ang laban ng  
Kordilyera ay inanak ng  
pakikibaka sa Chico Dam.



Nakilala ko  
ang ibang  
babaeng  
karaniwan  
tulad ko,  
mga  
magsasaka,  
guro,  
kumadrona.




'Singlakas sila ng Dawwang, at ang  
kanilang paninindigan, 'singtatag ng  
Kabundukan ng Balbalan.

Ang pakikibaka sa minahan at dam, ang laban ng kababaihang magsasaka  
at katutubo —




— lahat ay nakaugat sa lupa.







Kasama ako sa mga nagpetisyon sa bagong presidente na kanselahin ang Chico Dam noong 1986.



Sa huli, binawi rin ng World Bank ang pagpopondo sa proyekto.



Pero noong sumunod na taon, ibinukas ng presidente sa mga pribadong korporasyon ang negosyo ng kuryente.



Kaya pala nariyan ang mga proyektong 'yan ngayon.





Minsan, pinanghihinaan ako ng loob, 'Nay Tining.



Ang mga minahan.



Ang hydroelectric project.



Ang geothermal project.



Ang irrigation pump ng mga korporasyong Tsino.

Ang walang-tigil na red-tagging ng gobyerno.

Sandamakmak na problema!





Huwag  
tayong susuko.  
Tuloy lang tayo  
sa ating gawain.


Sa atin nagmumula  
ang sariling lakas.  
Saksi natin ang daigdig.

Huwag kang mawalan  
ng pag-asa, anak.



At naririto kaming  
nakatatanda.  
Kahit hindi  
panghabang-buhay.

Ang lupa lamang  
ang magpakailanman.





# Epilogue

The shelving of the Chico River Dam project was a landmark victory for the people of Cordillera. The Indigenous people's movement that formed around the opposition to the dams was instrumental in the passage of the Indigenous Peoples Rights Act (IPRA) in 1997, a law that required Free, Prior, and Informed Consent (FPIC) from Indigenous people affected by development projects on their ancestral land.

Despite this legal protection, the people of Cordillera continue to face destructive hydropower and mining projects. In Kalinga, which is known as the "Rice Granary" of the region, rice and fish production have decreased considerably as the earth and waters have been poisoned by toxic chemicals. The proposed Upper Tabuk Dam and the larger Karayan Dam project have caused rifts among the affected Indigenous communities, as developers behind these projects used deceptive tactics to gain support and even allegedly paid voting community members to secure their consent.

Meanwhile, the Chico River Pump Irrigation Project, funded by a 3.6 billion peso loan from the Exim Bank of China, was greenlighted without going through the FPIC process and without a community consultation before the government signed the loan agreement. The Supreme Court has been petitioned to declare the loan unconstitutional and void due to the confidentiality clause that violates the right of the Filipino people to information on foreign loans.

The Chico River Dam struggle gave birth to the Cordillera People's Alliance and other organizations, including women's organizations such as Innabuyog-GABRIELA which, through its new generation of leaders, continue the important task of actively organizing Indigenous communities against development aggression and militarization.

More than a year and a half of countrywide lockdown has seen an upsurge in human rights violations under the Duterte regime. The government has exploited the lockdown as an opportunity to implement its counter-insurgency campaign. Indigenous activists, community organizers, and peasant leaders are continuously red-tagged, illegally arrested, or slain. Lumad schools in Mindanao are forcibly closed or bombed. At the same time, neoliberal policies such as the Rice Liberalization Law and the 100% foreign ownership of geothermal projects are quickly signed into law. The government's militaristic pandemic response, its criminal neglect of the people's health and food security, and unabated corruption despite the worsening socio-economic crisis have demonstrated nothing but its failed leadership.

A people united will not be defeated.



The stealthy removal by the local government of the Cordillera Heroes' Memorial in Tinglayan, Kalinga early in 2021 demonstrates the government's fear of the people's memory of the victory for Chico River. On April 9, the people of Cordillera reinstalled the monument which had taken almost two decades for the community to build.

Innabuyog-Kalinga leader Beatrice "Betty" Belen was released from prison on February 12, 2021 in Tabuk City, Kalinga. The court dismissed the charges of illegal possession of explosives filed against her by the Philippine National Police. Mother Betty has actively led the resistance against Chevron Energy company's geothermal project as well as against human rights violations in her village, and was subjected to harassment and threats. She is only one of the many peasant organizers and activists arrested on fabricated, often non-bailable charges by the combined forces of the police and military in different parts of the country.

Mother Tining continues her work in community organizing with Innabuyog-Kalinga as well as serving as an advisor among the council of elders in the Cordillera region. Well into her 70s, she still grows rice, vegetables, and fruit crops for her family. Her son Jerry is a member of the Timpuyog ti Mannalon ti Kalinga or TMK, a progressive group advocating for farmers' and Indigenous people's rights.

